

The Joy of Our Redemption

By Sister Kristin M. Yee

Second Counselor in the Relief Society General Presidency

Ang Kagalakan ng Ating Pagkakatatubos

Ni Sister Kristin M. Yee

Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

October 2024 general conference

Jesus Christ's love and power can save each of us from our mistakes, weaknesses, and sins and help us to become something more.

About 10 years ago I felt impressed to paint a portrait of the Savior. Though I am an artist, this felt a bit overwhelming. How was I to paint a portrait of Jesus Christ that captured His Spirit? Where was I to begin? And where would I find the time?

Even with my questions, I decided to move forward and trust that the Lord would help me. But I had to keep moving and leave the possibility to Him. I prayed, pondered, researched, and sketched and was blessed to find help and resources. And what was a white canvas started to become something more.

The process wasn't easy. Sometimes it didn't look as I had hoped. Sometimes there were moments of inspired strokes and ideas. And many times, I just had to try again and again and again.

When I thought the oil painting was finally complete and dry, I began to apply a transparent varnish to protect it from dirt and dust. As I did, I noticed the hair in the painting start to change, smear, and dissolve. I quickly realized that I had applied the varnish too soon, that part of the painting was still wet!

I had literally wiped away a portion of my painting with the varnish. Oh, how my heart

Ang bawat isa sa atin ay maaaring maligtas ng pagmamahal at kapangyarihan ni Jesucristo mula sa ating mga pagkakamali, kahinaan, at kasalanan at tulungan tayong maging higit pa.

Mga 10 taon na ang nakalipas nang magkaroon ako ng impresyong ipinta ang isang larawan ng Tagapagligtas. Bagama't isa akong artist, nakadama ako ng kaunting kaba. Paano ko ipinta ang isang larawan ni Jesucristo na sasalamin sa Kanyang Espiritu? Saan ako magsisimula? At kailan ako magkaka-oras para gawin ito?

Kahit pa may mga katanungan ako, nagpa-siya akong ituloy ito at tiwala ako na tutulungan ako ng Panginoon. Kailangan kong magpatuloy sa mga ginagawa ko at ipaubaya ang mga posibilidad sa Kanya. Nagdasal ako, nagnilay, nagsaliksik, at nag-sketch, at pinagpala akong makahanap ng tulong at mga resource. At ang isang puting canvas ay nagsimulang magbago sa isang bagay na higit pa sa dati.

Hindi naging madali ang prosesong ito. Kung minsan, ang tingin ko rito ay hindi tulad ng inaasahan ko. Kung minsan, may mga sandaling inspirado akong gumuguhit at puno ng mga ideya. Maraming beses na kailangan kong magpaulit-ulit.

Noong inakala kong tapos at tuyo na sa wakas ang oil painting, nagsimula akong lapatan ito ng barnis na walang kulay upang protektahan ito mula sa dumi at alikabok. Nang gawin ko iyon, napansin kong nagsimulang magbago, magmamtas, at malusaw ang buhok na ipininta ko. Agad kong napagtanto na napaaga ang pagbarnis ko, na basa pa ang bahaging iyon ng painting!

Literal na binura ko ng barnis ang isang bahagi ng painting ko. Lungkot na lungkot ako.

sank. I felt as though I had just destroyed what God had helped me to do. I cried and felt sick inside. In despair, I did what anyone would typically do in a situation like this: I called my mother. She wisely and calmly said, “You won’t get back what you had, but do the very best you can with what you’ve got.”

And I Partook, by Kristin M. Yee

So I prayed and pled for help and painted through the night to repair things. And I remember looking at the painting in the morning—it looked better than it did before. How was that possible? What I thought was a mistake without mend was an opportunity for His merciful hand to be manifest. He was not done with the painting, and He was not done with me. What joy and relief filled my heart. I praised the Lord for His mercy, for this miracle that not only saved the painting but taught me more about His love and power to save each of us from our mistakes, weaknesses, and sins and to help us become something more.

Just as the depth of my gratitude for the Savior grew as He mercifully helped me to repair the “unrepairable” painting, so has my personal love and gratitude for my Savior intensified as I’ve sought to work with Him on my weaknesses and to be forgiven of my mistakes. I will forever be grateful to my Savior that I can change and be cleansed. He has my heart, and I hope to do whatever He would have me do and become.

Repenting allows us to feel God’s love and to know and love Him in ways we would never otherwise know. Of the woman who anointed the Savior’s feet, He said, “Her sins, which are many, are forgiven; for she loved much: but to whom little is forgiven, the same loveth little.” She loved Jesus much, for He had forgiven her much.

There is such relief and hope in knowing that

Pakiramdam ko ay sinira ko lamang ang bagay na tinulungan ako ng Diyos na gawin. Umiyak ako at masama ang loob ko. Sa kawalan ng pag-asa, ginawa ko ang karaniwang ginagawa ng sinuman sa sitwasyong tulad nito: tinawagan ko ang nanay ko. Matalino at mahinahon niyang sinabi, “Hindi mo na mababawi ang naiwala mo, ngunit gawin mo ang lahat ng makakaya mo sa bagay na naiwan sa iyo.”

And I Partook [At Nagpasakop Ako sa Kalooban ng Ama], ni Kristin M. Yee

Kaya nanalangin ako at humingi ng tulong at buong magdamag na nagpinta para ayusin ito. At naaalala ko, nang tinitingnan ko ang painting kinaumagahan—mas maganda ito kaysa dati. Paano nangyari iyon? Ang inakala kong pagkakamali na hindi maiwawasto ay isa palang pagkakataon para makita ang Kanyang maawaing kamay. Hindi pa Siya tapos sa pagpinta, at hindi pa Siya tapos sa akin. Napuspos ng saya at pasasalamat ang puso ko. Pinuri ko ang Panginoon sa Kanyang awa, sa himalang ito na hindi lamang nagligtas sa painting kundi nagturo sa akin ng marami pang bagay tungkol sa Kanyang pagmamahal at kapangyarihan na magliligtas sa bawat isa sa atin mula sa ating mga pagkakamali, kahinaan, at kasalanan at tulungan tayong maging higit pa.

Tulad ng pagsidhi ng pasasalamat ko sa Tagapagligtas nang kaawaan Niya ako at tulungang ayusin ang “hindi maaayos” na painting, lalo ring tumindi ang pagmamahal at pasasalamat ko sa aking Tagapagligtas habang sinisikap kong makipagtulungan sa Kanya sa aking mga kahinaan at mapatawad sa aking mga pagkakamali. Pasasalamat ko magpakailanman ang aking Tagapagligtas dahil maaari akong magbago at maging malinis. Nasa Kanya ang puso ko, at umaasang magagawa ko anuman ang nais Niyang gawin at kahinatnan ko.

Ang pagsisisi ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong madama ang pagmamahal ng Diyos at makilala at mahal Siya sa mga paraan na hindi natin malalaman kailanman sa ibang paraan. Sa babaeng nagpahid ng langis sa mga paa ng Tagapagligtas, sinabi Niya, “Ang marami niyang kasalanan ay pinatawad na, sapagkat siya ay nagmamahal nang malaki. Subalit ang pinatatawad ng kaunti ay nagmamahal nang kaunti.” Lubos niyang minahal si Jesus, sapagkat siya ay pinatawad Niya nang lubos.

Nakagagaan ng kalooban at nakapagbibigay

wecantry again—that, as Elder David A. Bednar taught, we can receive an ongoing remission of our sins through the sanctifying power of the Holy Ghost as we truly and sincerely repent.

The redeeming power of Jesus Christ is one of the greatest promised blessings of our covenants. Ponder this as you participate in sacred ordinances. Without it, we could not return home to the presence of our Father in Heaven and those we love.

I know that our Lord and Savior, Jesus Christ, is mighty to save. As the Son of God, who atoned for the sins of the world and laid down His own life and took it up again, He holds the power of redemption and resurrection. He has made possible immortality for all and eternal life for those who choose Him. I know that through His atoning sacrifice, we can repent and truly be cleansed and redeemed. It is a miracle He loves you and me in this way.

He has said, “Will ye not now return unto me, and repent of your sins, and be converted, that I may heal you?” He can heal the “waste places” of your soul—the places made dry, harsh, and desolate by sin and sorrow—and “make [your] wilderness like Eden.”

Just as we cannot comprehend the agony and depth of Christ’s suffering in Gethsemane and on the cross, so we “cannot measure the bounds nor fathom the depths of [His] divine forgiveness,” mercy, and love.

You may feel at times that it’s not possible to be redeemed, that perhaps you are an exception to God’s love and the Savior’s atoning power because of what you are struggling with or because of what you’ve done. But I testify that you are not beneath the Master’s reach. The Savior “descended below all things” and is in a divine position to lift you and claim you from the darkest abyss and bring you into “his marvellous light.” Through His sufferings, He has made a way for each of us to overcome our personal weaknesses and sins.

pag-asa na malaman namaa-aritayong sumubok muli—na, tulad ng itinuro ni Elder David A. Bednar, makatatanggap tayo ng patuloy na kapatawaran sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng nagpapabanal na kapangyarihan ng Espiritu Santo kapag tunay at taos-puso tayong nagsisisi.

Ang nakatutubos na kapangyarihan ni Jesucristo ay isa sa pinakadakilang pagpapala na ipinangako ng ating mga tipan. Isa-isip ito kapag lumalahok kayo sa mga sagradong ordenansa. Kung wala ito, hindi tayo makauwi sa piling ng ating Ama sa Langit at sa mga mahal natin sa buhay.

Alam ko na ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ay makapangyarihang magligtas. Bilang Anak ng Diyos, na nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan at nag-alay ng Kanyang sariling buhayat muling ibinangon ito, hawak Niya ang kapangyarihan ng pagtubos at pagkabuhay na mag-uli. Ginawa Niyang posible para sa lahat ang imortalidad at buhay na walang-hanggan para sa mga taong pinipili Siya. Alam ko, sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, makapagsisisi tayo at tunay na malilinis at matutubos. Isang himala ito na mahal Niya kayo at ako sa ganitong paraan.

Sinabi Niya, “Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?” Maaari Niyang pagalinginang mga “sirang dako” ng inyong kaluluwa—ang mga lugar na ginawang tuyo, magaspang, at mapanglaw dahil sa kasalanan at kalungkutan—at “gagawing tulad ng Eden [ang inyong] ilang.”

Tulad ng hindi natin mauunawaan ang paghihirap at lalim ng pagdurusa ni Cristo sa Getsemani at sa krus, gayon din naman “hindi natin masusukat ang mga hangganan ni hindi natin mauunawaan ang kalaliman ng [Kanyang] banal na kapatawaran,” awa, at pag ibig.

May mga pagkakataon na maaaring madama ninyo na imposibleng matubos kayo, na marahil hindi kayo sakop ng pagmamahal ng Diyos at ng nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas dahil sa mga pinagdaraan ninyo o dahil sa nagawa ninyo. Ngunit, pinatotohanan ko na hindi kayo napakalayo para hindi maabot ng Guro. Ang Tagapagligtas ay “nagpakababa-ba sa lahat ng bagay” at nasa banal na posisyon upang iangat kayo at angkinin kayo mula sa pinakamadilim na kailaliman at dalhin kayo

“He has all power to save every man that believeth on his name and bringeth forth fruit meet for repentance.”

Just as it required work and pleading for heaven's help to repair the painting, it takes work, sincerity of heart, and humility to bring “forth fruit meet for repentance.” These fruits include exercising our faith and trust in Jesus Christ and His atoning sacrifice, offering to God a broken heart and a contrite spirit, confessing and forsaking sin, restoring that which has been damaged to the best of our ability, and striving to live righteously.

To truly repent and change, we must first be “convinced of our sins.” A person does not see the need to take medicine unless they understand that they are ill. There may be times we may not be willing to look inside ourselves and see that which really needs healing and repair.

In C. S. Lewis's writings, Aslan poses these words to a man who has entangled himself in his own devices: “Oh [humankind], how cleverly you defend yourselves [from] all that might do you good!”

Where might you and I be defending ourselves from those things that might do us good?

Let us not defend ourselves from the good that God desires to bless us with. From the love and mercy that He desires us to feel. From the light and knowledge He desires to bestow upon us. From the healing that He knows we so readily need. From the deeper covenant relationship He intends for all His sons and daughters.

I pray we may lay aside any “weapons of war” that we've consciously or even unconsciously taken up to defend ourselves from the blessings of God's love. Weapons of pride, selfishness, fear, hate, offense, complacency, unrighteous judgment, jealousies—anything that would keep us from loving God with all our hearts and keep in—

sa “kanyang kagila-gilalas na liwanag.” Dahil sa Kanyang mga pagdurusa, nabuksan Niya ang daan para sa bawat isa sa atin na madaig ang sarili nating mga kahinaan at kasalanan. “Taglay niya anglahat ng kapangyarihan upang iligtas ang bawat taong naniniwala sa kanyang pangalan at namumunga ng bunga na karapat-dapat sa pagsisisi.”

Tulad ng kinakailangang pagkilos at pagsusumamo sa tulong ng langit na ayusin ang painting, kailangan ang pagkilos, katapatan ng puso, at pagpapakumbaba upang “mamunga ng bunga na karapat-dapat sa pagsisisi.” Kabilang sa mga bunga ito ang ating pagsampalataya at pagtitiwala kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, pag-aalay sa Diyos ng bagbag na puso at nagsisising espiritu, pagtatapat at pagtalikod sa kasalanan, pagpapanumbalik ng napinsala sa abot ng ating makakaya, at pagsisikap na mamuhay nang matwid.

Upang tunay na magsisi at magbago, dapat muna tayong “mapaniwala sa ating mga kasalanan.” Hindi nakikita ng isang tao na kailangang uminom ng gamot maliban kung nauunawaan niya na siya ay may sakit. May mga pagkakataon na maaaring hindi tayo handang tingnan ang ating sarili at makita ang tunay na kailangang pagalingin at kumpunihin.

Sa mga sulatin ni C. S. Lewis, sinabi ni Aslan ang mga salitang ito sa isang lalaking inilagay sa gusot ang kanyang sarili sa sarili niyang mga pakana: “O, [sangkatauhan], gaano katalino ninyong ipinaglalaban ang inyong sarili [mula] sa lahat ng makabubuti sa inyo!”

Saan kaya natin ipinaglalaban ang ating sarili mula sa mga bagay na makabubuti sa atin?

Huwag nating ipaglaban ang ating sarili mula sa kabutihang nais ng Diyos na pagpalain tayo. Mula sa pagmamahal at awa na nais Niyang madama natin. Mula sa liwanag at kaalaman na nais Niyang ipagkaloob sa atin. Mula sa pagpapagaling na alam Niyang kailangang-kailangan natin. Mula sa mas malalim na kaugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng tipan na inilaan Niya para sa lahat ng Kanyang mga anak na lalaki at babae.

Dalagin ko na isantabi natin ang anumang “mga sandata ng digmaan” na sinasadya o hindi natin namamalayang itinataas natin para ipaglaban ang ating sarili mula sa mga pagpapala ng pagmamahal ng Diyos. Mga sandata na kapalaluan, kasakiman, takot, poot, pagkakasala, pagkakampante, di-makatwirang paghatol, inggit—

gallour covenants with Him.

As we live our covenants, the Lord can give us the help and power we need to both recognize and overcome our weaknesses, including the spiritual parasite of pride. Our prophet has said:

“Repentance is the pathway to purity, and purity brings power.”

“And oh, how we will need His power in the days ahead.”

Like my painting, the Lord is not done with us when we make a mistake, nor does He flee when we falter. Our need for healing and help is not a burden to Him, but the very reason He came. The Savior Himself said:

“Behold, I have come unto the world to bring redemption unto the world, to save the world from sin.”

“Mine arm of mercy is extended towards you, and whosoever will come, him will I receive; and blessed are those who come unto me.”

So come—come ye that are weary, worn, and sad; come and leave your labors and find rest in Him who loves you most. Take His yoke upon you, for He is gentle and lowly in heart.

Our Heavenly Father and Savior see you. They know your heart. They care about what you care about, including those you love.

The Savior can redeem that which was lost, including broken and fractured relationships. He has made a way for all that is fallen to be redeemed—to breathe life into that which feels dead and hopeless.

If you are struggling with a situation you think you should have overcome by now, don't give up. Be patient with yourself, keep your covenants, repent often, seek the help of your leaders if needed, and go to the house of the Lord as regularly as you can. Listen for and heed the promptings He sends you. He will not abandon

anumang bagay na pipigil sa atin para mahalin ang Diyos nangbuongpuso natin at tuparin anglahatng ating tipan sa Kanya.

Kapag ipinamuhay natin ang ating mga tipan, maibibigay sa atin ng Panginoon ang tulong at kapangyarihan na kailangan natin para makilalaat madaig ang ating mga kahi-naan, kabilang na ang espirituwal na parasito ng kapalaluan. Sinabi ng ating propeta:

“Ang ... pagsisisi ay landas patungo sa kadalisayan, at ang kadalisayan ay nagdadala ng kapangyarihan.”

“At, talagang kakailanganin natin ang Kanyang kapangyarihan sa mga darating na araw.”

Tulad ng painting ko, hindi pa tapos sa atin ang Panginoon kapag nagkamali tayo, ni hindi Siya lalayo kapag tayo ay nanghihina. Ang kailangan nating pagpapagaling at tulong ay hindi pabigat sa Kanya, kundi ang mismong dahilan kung bakit Siya pumarito. Sinabi mismo ng Tagapagligtas:

“Masdan, pumarito ako sa daigdig upang bigyang-kaganapan ang pagtubos sa sanlibutan, upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan.”

“Ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpala ang mga yaong lumalapit sa akin.”

Kaya't halikayo—magsiparito kayo na pagod, nanghihina, at malungkot; lumapit kayo at iwanan ang inyong mga ginagawa at makahanap ng kapahingahan sa Kanya na nagmamahal sa inyo nang lubos. Pasanin ninyo ang Kanyang pamatok, sapagkat Siya ay maamo at may mapagpakumbabang puso.

Nakikita kayo ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Alam Nila ang nasa puso ninyo. May malasakit Sila sa mga bagay na mahalaga sa inyo, pati na sa mga mahal ninyo sa buhay.

Matutubos ng Tagapagligtas ang nawawala, kabilang na ang nasira at nagkalamat na mga relasyon. Gumawa Siya ng paraan para matubos ang lahat ng nahulog—ang bigyan ng hininga ng buhay ang tila patay na at walang pag-asa.

Kung nahihirapan kayo sa isang sitwasyon na sa inyong palagay ay dapat nang napagtagumpayan ninyo, huwag sumuko. Maging mapagpansya sa inyong sarili, tuparin ang inyong mga tipan, madalas na magsisi, humingi ng tulong sa inyong mga lider kung kinakailangan, at malimit na pumunta sa bahay ng Panginoon hangga't

His covenant relationship with you.

There have been difficult and complex relationships in my life that I have struggled with and sincerely sought to improve. At times I felt like I was failing more often than not. I wondered, “Did I not fix things the last time? Did I not truly overcome my weakness?” I’ve learned over time that I am not necessarily defective; rather, there is often more to work on and more healing that is needed.

Elder D. Todd Christofferson taught: “Surely the Lord smiles upon one who desires to come to judgment worthily, who resolutely labors day by day to replace weakness with strength. Real repentance, real change may require repeated attempts, but there is something refining and holy in such striving. Divine forgiveness and healing flow quite naturally to such a soul.”

Each day is a new day filled with hope and possibilities because of Jesus Christ. Each day you and I can come to know, as Mother Eve proclaimed, “the joy of our redemption,” the joy of being made whole, the joy of feeling God’s unfailing love for you.

I know that our Father in Heaven and Savior love you. Jesus Christ is the Savior and Redeemer of all mankind. He lives. Through His atoning sacrifice, the bands of sin and death were forever broken so that we might be free to choose healing, redemption, and eternal life with those we love. And I testify of these things in His name, Jesus Christ, amen.

kaya ninyo. Makinig at pakinggan ang mga pahiwatig na Kanyang ipinararating sa inyo. Hindi Niya tatalikuran ang Kanyang kaugnayan sa inyo sa pamamagitan ng tipan.

May mahihirap at masalimuot na relasyon sa buhay ko na nahihirapan ako at totoong pinagsisikapan kong isaayos. May mga pagkakataon na sa pakiwari ko mas madalas na bigo ako. Napaisip ako, “Hindi ko ba naayos ito dati? Hindi ko pa ba talaga nadadaig ang kahinaan ko?” Nalaman ko sa paglipas ng panahon na hindi sa may depekto ako; sa halip, kadalasan, mas marami pang dapat gawin at mas marami pang pagpapagaling na kinakailangan.

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: “Ti-yak na pagpapalain ng Panginoon ang taong nais humarap sa paghuhukom nang karapat-dapat, na tunay na nagsusumikap sa araw-araw na gawing kalakasan ang kanyang kahinaan. Ang tunay na pagsisisi, ang tunay na pagbabago ay maaaring mangailangan ng paulit-ulit na pagsisikap, ngunit may isang bagay na nagpapadalisa at nagpapabanal sa gayong pagsisikap. Ang [banal na] pagpapatawad at pagpapagaling ng Diyos ay kusang dumarating sa taong iyon.”

Bawat araw ay isang bagong araw na puno ng pag-asa at mga posibilidad dahil kay Jesucristo. Sa bawat araw, kayo at ako ay mauunawaan, tulad ng ipinahayag ni Inang Eva, “ang kagalakan ng ating pagkakatatubos,” ang kagalakan ng pagiging buo, ang kagalakan na maramdaman ang walang-sawang pagmamahal ng Diyos sa inyo.

Alam ko na mahal kayo ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos ng buong sangkatauhan. Siya ay buhay. Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ang mga gapos ng kasalanan at kamatayan ay napigtasmagpakailanman upang tayo ay maging malayana piliin ang pagpapagaling, pagkatubos, at buhay na walang-hanggan kasama ang mga mahal natin sa buhay. Pinatotohanan ko ang mga bagay na ito sa Kanyang pangalan, si Jesucristo, amen.